NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Mayo 6, 2019



**EPEKTIBONG PAGTUTURO**

## DESKRIPSIYON NG K-12 KURIKULUM

Ni PAT V. VILLAFUERTE

**TULA**

## TINIG NG SAKA

Ni ANSHERINA MAY D. JAZUL

**KUWENTO NG LINGGO**

## TADHANA NG UNANG PAG-IBIG

Ni EVELYN L. ESTRELLA-SEBASTIAN

MANILA BULLETIN PUBLISHING
ISSN 1656-98-14

# MARION AUNOR

ang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine


## NOBELA

6 **Kung Dumating Ang Pag-ibig (29)**
*Efren Abueg*

9 **Saka Na Lang Kita Mamahalin(6)**
*Neri Jedeliz*

12 **Higit Na Matibay (21)**
*Armando T. Javier*

## KUWENTO

4 **Tadhana Ng Unang Pag-ibig (1)**
*Evelyn L. Estrella-Sebastian*

14 **Minsan Lang Ako Magawi Rito**
*George Deoso*

## LATHALAIN

16 **Pangangalaga Ng Kalikasan: Pagpapakita Ng Kabayanihan**
*Petronilo D. Reyes, Jr.*

18 **Si Bobby Balingit At Ang Nobela Niyang "Ang Paglalakbay Ni Juan Isip"**
*Joel Costa Malabanan*

## KOMIKS

28 **Sa Mundong Iyon... (33)**
*Perry C. Mangilaya / Donato Santos*

31 **Ako At Ako Lamang (54)**
*Elena M. Patron-Delos Angeles /Rico Rival*

31 **Ang Mga Pangahas**
*Amado Bravo/ Alfred C. Manuel*

38 **Doro Dora**
*William Contreras*

## TULA

40 **Tinig Ng Saka**
*Ansherina May D. Jazul*

## KOLUM

20 **Epektibong Pagtuturo**
*Pat V. Villafuerte*

22 **Buklat/Mulat**
*Dr. Eugene Y. Evasco*

24 **Haraya**
*Dr. Michael M. Coroza*

36 **Magluto Tayo**
*Mareng Lena*

36 **Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
*Boy A. Silverio*

## SHOWBIZ

26 **Marion Aunor, Sobrang Grateful Sa Kanyang Masayang Experience Sa Grammy Awards**
*Nonie V. Nicasio*

27 **Yen Santos, Sobrang Thankful Sa Seryeng halik**
*Maricris V. Nicasio*

## LIBANGAN

37 **Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

37 **Astrolohiya**
*Madame Sharona*

38 **Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*

38 **Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

38 **Magtawanan Tayo!**
*Anthony Locsin*










# TADHANA NG UNANG PAG-IBIG

Ni EVELYN L. ESTRELLA-SEBASTIAN




**(UNANG BAHAGI)**

HINDI ang pamimilit ni Chit na dumalo siya sa kanilang *class reunion* ang simula. Sa *high school* ang simula ng lahat sa kanila ni Edgar. Kaya rin naman bantulot siyang pumayag kay Chit. "Ano ba'ng 'kinakatakot mo?" tanong nito. "*In love* ka pa, ano?"

Inirapan niya si Chit. "*It's complicated.*"

Lakas ng tawa ni Chit. "Naku, Loida, reyunyon lang ito. *As if* naman makikipag-*date* ka na. Saka, daming tao."

Kumunot ang kanyang noo. "Iyon nga, ang daming tao, daming makakakita. Tsismis na iyang umaatikabo."

"*At this point in your life,* Loida, nag-aalala ka pa ba sa sasabihin ng iba? Kesehodang ano pa ang isipin nila. Saka di mo na malalaman iyon. Mas pag-uusapan ka kung wala ka roon. E, kapag naroon ka, kahit paano, magkukubli pa sila bago ka itsismis."

Siya naman ang natawa. "Talaga? Pinag-uusapan ba ninyo ako pag nagrereyunyon kayo na wala ako?"

"Lahat ng *absent*, napag-uusapan. Naku po, kawawa."

"E, ako, di mo ba 'pinagtatanggol? *Best friend* pa kitang nasabi?"

"Oy, hirap na hirap nga akong mag-*explain* ng *situation* mo, dahil wala akong alam. Nasabi pang *best friend,* balewala naman. Kaya buti pa, dumalo ka na at tingnan natin kung may makapiyok na mag-usisa sa iyo," patapos na wika ni Chit at ibinaba nito ang telepono na hindi na hinintay ang kanyang sagot.

Iiling-iling na ibinaba niya ang kanyang telepono nang muli itong tumunog. Si Chit na muli. "Ano?" tanong niya.

"Ang importante, tandaan mo, e, binata pa rin hanggang ngayon si Edgar! Walang *impediment*!" mariing wika nito na sinundang muli ng pagbaba ng telepono. Biglang sumingit sa kanyang isip na kung walang alam si Chit tulad ng sinabi nito, bakit laging wari ay ipinakadidiin na binata pa si Edgar at walang *impediment*. Ano ba talaga.

# Higit Na Matibay

## Ni ARMANDO T. JAVIER

### (IKA-21 LABAS)

DALAWANG buwan na ang tiyan ni Tetchie nang magsama sila ni Sonny Boy. At makalipas ang pitong buwan, isinilang nito ang kanilang panganay. Lalaki. Isinunod sa lolo ang pangalan: Benjamin III. Jam ang palayaw.

Sa binyag, kabilang sina Janno at Tessa sa ilang pares ng ninong at ninang.

Sa *reception*, na ginanap sa isang bagong bukas na restoran sa Centennial, kinantiyawan ni Sonny sina Janno at Tessa.

"Gumawa na rin kayo…" sabi nito sa mahinang tinig nang makalapit sa mesa nila.

Napangiti siya; si Tessa, pinamilugan ng mata.

Sa likod ng isip ni Janno, naroong lagi ang pag-alala sa kanyang limitasyon, ang pagpipigil; mahirap na masubo sa obligasyong hindi pinaghandaan. Kung ganyang solo-katawan siya'y kinakapos siya sa pera, paano pa kung siya'y makabuntis at maobligang mag-asawa?

Si Tessa pa naman, na madalas dumalaw kina Tetchie, ay malimit na magparinig.

"*Cute-cute* ni Jam, nakakatuwa!"

Saka maglalambing sa kanya sa pagkiskis ng noo sa kanyang leeg.

"Gusto ko na 'atang magka-beybi na rin…"

Natawa siya. "Ambisyosa, ha?"

Kumalas sa pagkakadikit sa kanya, naghalukipkip at itinuwid ang tingin sa pinanonood nilang sine.

"Bahala ka nga!" nakaingos na sabi.

Titikisin siya, hindi sasagutin ang *text* at tawag niya. Pero, ilang araw lang naman; heto't dinadalaw na uli siya sa parlor, may dalang *cup cake* na siya raw mismo ang may gawa.

Nahihilig pala si Tessa sa *baking*, at nag-eeksperimento sa pagbe-*bake* ng *cookies* at *cup cake*.

Nang makaalis si Tessa, inalok niya si Zeny ng *cup cake*. Dumampot ng isa si Zeny, inamoy muna, kinagatan nang maliit at ninamnam sa dila.

"Wala kayang gayuma 'to?" nang-iintrigang sabi.

"Kailangan pa ba 'yon? Nagde-*date* na nga kami?"

"Para wala ka nang kawala!" Natawa si Zeny at lumayo na sa kanya.

SABADO at Linggo, kung walang pasok sa Makati at nasa Panamitan si Jonna, tigil siya sa bahay. Dadalawin siya roon ni Ambet, nang may dalang *pizza* o *ice cream*, at doon na lamang magkukuwentuhan.

Sinasadya naman siya ni Ambet sa opisina sa Washington, Makati dalawang beses sa isang linggo; sinusundo kung uwian at mula roon, tuloy na sila sa Greenbelt, doon na maghahapunan. At kung may kursunada silang pelikula, tuloy na sa sinehan.

Hindi naman siya puwedeng magpuyat. May *curfew* siya sa tinutuluyang bahay: alas-onse nang gabi. Palibhasa'y nakiki-*bedspace* lamang siya roon, kasama ang dalawa pang babaeng nag-oopisina rin. Mag-asawang may tatlong anak na batang lalaki ang may-ari ng bahay sa Vito Cruz.

**Na tinted ang gamit nitong kotse, nagkakalakas-loob si Ambet.**
**"Pa-kiss."**
**"Na naman?"**



# Pangangalaga sa Kalikasan: Pagpapakita ng Kabayanihan

Ni PETRONILO D. REYES, JR



Mga Larawang mula sa Google

SA panahon ngayon, kaliwa't kanan na ang mga balita at impormasyon tungkol sa pag-init ng mundo. Iba't ibang paraan ngunit iisang layunin, ito'y ang mamulat ang mamamayan sa katotohanang unti-unti nang nanganganib ang kalikasan maging ang sangkatauhan. Pinaglalaanan ng panahon, pera, at di-matawarang serbisyo upang maging matagumpay ang lahat. Subalit, naging matagumpay nga ba? Tumigil na kaya ang iilan sa walang pakundangang pang-aabuso sa likas na yaman?

Ang mga malalaki at mauunlad na bansa ay nawawalan na ng espasyo para sa mga basurang nalilikha ng mga pabrika nito. Dahil dito, bilang isang *third-world country*, ang Pilipinas ang kadalasang nagiging tambakan ng mga basura mula sa *first-world countries* katulad ng Canada, China, at iba pa: malalaking mga *container vans* na punong-puno ng mga basura ang ipinapasok sa Pilipinas mula noong Hunyo 2013 (Eco-Waste Coalition, 2015).

Bukod sa ibang bansa, ang kultura ng mga Pilipino ay isa ring salik sa problema ng basura sa Pilipinas. Karamihan sa mga Pilipino ay hindi marunong maghiwalay at magtapon ng mga basura sa tamang lugar. Hindi rin tumutupad ang iba sa mga batas na nangangalaga sa kalikasan katulad ng Batas Republika 9003 o mas kilala bilang Ecological Solid Waste Management Act of 2000.

Ang batas na karaniwang pinagbabasehan ng mga barangay at iba pang lugar sa pagbabalangkas ng mga ordinansa at patakaran ay ang Republic Act No. 9003 (RA 9003), o mas kilala sa tawag na Ecological Solid Waste Management Act of 2000. Ito ay isang pambansang batas na may kinalaman sa makakalikasan at praktikal na pamamahala ng basura. Ang sumusunod na pamamaraan ay nagpapakita ng makakalikasan na pamamahala ng basura:

a. Paghihiwalay ng mga nabubulok at di-nabubulok na basura

b. Pag-*recycle*, pag-*reuse*, at pag-*reduce* ng mga basura

c. Paggawa ng abono mula sa mga nabubulok na basura

Binigyang diin ni Cardinal Tagle na kailangang-kailanga ngayon sa Pilipinas ang pagpapaigting sa pangangalaga ng kalikasan dahil sa tumitinding epekto ng *climate change*.

Ayon sa Cardinal, nasaksihan ng mga Pilipino ang pagkasira ng buhay ng tao, mga gusali dahil sa mga bagyo, lindol at labis na tagtuyot kaya't napapanahong ang bawat isa ay magtulong-tulong sa pagpapabuti ng kalagayan ng kalikasan.

"Kailangang-kailangan po natin ito, tayo po sa Pilipinas saksi tayo sa mga iba't ibang pagkasira ng buhay, pagkasira ng lupa, bahay, eskuwela, ospital, dahil po sa mga mararah na nangyayari sa atin pong kalikasan. Mga bagyo na paran palakas nang palakas, tapos biglang init at tagtuyot, at ang mga lindol," pahayag ni Cardinal Tagle.

Napakasarap namnamin ang tagumpay, lalo na kung an dulot nito'y para sa ikabubuti ng lahat. Bago mo makamit ito, kailangan mo munang makipaglaban. At sa iyong pakikipaglaban, kailangan mo ng mga sandata upang di matinag o masaling man lang ng mga kalaban.

Lakas, estratehiya, prinsipyo, gawa...iyan ang iyong mg kailangan. Kung wala kang lakas, hindi mo magagawa ang mga estratehiyang naaayon sa iyong prinsipyo. Kung wala kang estratehiya, gawin mo man ang naaayon sa iyong prinsipyo nang buong lakas ay kulang pa rin.

Kung ang prinsipyo mo'y kayang tinagin, ano pa ang halaga ng mga gawaing iyong nasimulan na sadyang pinaglaanan ng estratehiya't lakas? Kung wala ka namang balak gawin ang tungkol sa bagay na sa tingin mo'y

# Pangangalaga sa Kalikasan: Pagpapakita ng Kabayanihan

Ni PETRONILO D. REYES, JR



Mga Larawang mula sa Googl

SA panahon ngayon, kaliwa't kanan na ang mga balita at impormasyon tungkol sa pag-init ng mundo. Iba't ibang paraan ngunit iisang layunin, ito'y ang mamulat ang mamamayan sa katotohanang unti-unti nang nanganganib ang kalikasan maging ang sangkatauhan. Pinaglalaanan ng panahon, pera, at di-matawarang serbisyo upang maging matagumpay ang lahat. Subalit, naging matagumpay nga ba? Tumigil na kaya ang iilan sa walang pakundangang pang-aabuso sa likas na yaman?

Ang mga malalaki at mauunlad na bansa ay nawawalan na ng espasyo para sa mga basurang nililikha ng mga pabrika nito. Dahil dito, bilang isang *third-world country,* ang Pilipinas ang kadalasang nagiging tambakan ng mga basura mula sa *first-world countries* katulad ng Canada, China, at iba pa: malalaking mga *container vans* na punong-puno ng mga basura ang ipinapasok sa Pilipinas mula noong Hunyo 2013 (Eco-Waste Coalition, 2015).

Bukod sa ibang bansa, ang kultura ng mga Pilipino ay isa ring salik sa problema ng basura sa Pilipinas. Karamihan sa mga Pilipino ay hindi marunong maghiwalay at magtapon ng mga basura sa tamang lugar. Hindi rin tumutupad ang iba sa mga batas na nangangalaga sa kalikasan katulad ng Batas Republika 9003 o mas kilala bilang Ecological Solid Waste Management Act of 2000.

Ang batas na karaniwang pinagbabasehan ng mga barangay at iba pang lugar sa pagbabalangkas ng mga ordinansa at patakaran ay ang Republic Act No. 9003 (RA 9003), o mas kilala sa tawag na Ecological Solid Waste Management Act of 2000. Ito ay isang pambansang batas na may kinalaman sa makakalikasan at praktikal na pamamahala ng basura. Ang sumusunod na pamamaraan ay nagpapakita ng makakalikasan na pamamahala ng basura:

a. Paghihiwalay ng mga nabubulok at di-nabubulok na basura

b. Pag-*recycle*, pag-*reuse*, at pag-*reduce* ng mga basura

c. Paggawa ng abono mula sa mga nabubulok na basura

Binigyang diin ni Cardinal Tagle na kailangang-kailanga ngayon sa Pilipinas ang pagpapaigting sa pangangalaga ng kalikasan dahil sa tumitinding epekto ng *climate change.*

Ayon sa Cardinal, nasaksihan ng mga Pilipino ang pagkasira ng buhay ng tao, mga gusali dahil sa mga bagyo, lindol at labis na tagtuyot kaya't napapanahong ang bawat isa ay magtulong-tulong sa pagpapabuti ng kalagayan ng kalikasan.

"Kailangang-kailangan po natin ito, tayo po sa Pilipinas, saksi tayo sa mga iba't ibang pagkasira ng buhay, pagkasira ng lupa, bahay, eskuwela, ospital, dahil po sa mga mararah na nangyayari sa atin pong kalikasan. Mga bagyo na parang palakas nang palakas, tapos biglang init at tagtuyot, at ang mga lindol," pahayag ni Cardinal Tagle.

Napakasarap namnamin ang tagumpay, lalo na kung an dulot nito'y para sa ikabubuti ng lahat. Bago mo makamit ito, kailangan mo munang makipaglaban. At sa iyong pakikipaglaban, kailangan mo ng mga sandata upang di matinag o masaling man lang ng mga kalaban.

Lakas, estratehiya, prinsipyo, gawa...iyan ang iyong mga kailangan. Kung wala kang lakas, hindi mo magagawa ang mga estratehiyang naaayon sa iyong prinsipyo. Kung wala kang estratehiya, gawin mo man ang naaayon sa iyong prinsipyo nang buong lakas ay kulang pa rin.

Kung ang prinsipyo mo'y kayang tinagin, ano pa ang halaga ng mga gawaing iyong nasimulan na sadyang pinaglaanan ng estratehiya't lakas? Kung wala ka namang balak gawin ang tungkol sa bagay na sa tingin mo'y